
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1
## Pangngalan, Gamitin Mo!




PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Pangngalan, Gamitin Mo!**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Susan D. Ramos

**Editor:** May C. Aguilar**,** Jerickson D. Getizo

**Tagasuri** : Rechie O. Salcedo, Dinnah A. Bañares

**Tagaguhit:** Emma N. Malapo, Jerome R. Guadalupe, Mark Anthony O. Taduran

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate, Nathan A. Bea, Jasmin S. Simata, Gladys Judd D. Perez

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS-Filipino: Rechie O. Salcedo
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 1
## Pangngalan, Gamitin Mo!

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pangngalan, Gamitin Mo!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa <u>Filipino 4</u> ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa <u>Pangngalan, Kilalanin Mo!</u>

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo it

## *Alamin*

Magandang araw sa iyo!

Ano ba ang hilig mong gawin?

Alam kong mahilig kang manood ng TV, magbasa, mag-internet, maglaro at gumuhit! Hindi mo man sabihin, alam kong mahilig ka ring magsalita, hindi ba?

Tuwang-tuwa kang ikuwento ang tungkol sa iyong sarili at minsan sa paborito mong palabas sa TV.

Sa iyong pagsasalita, napapansin mo ba ang mga salitang ginagamit mong pantukoy sa ngalan ng tao, bagay, lugar at pangyayari? Nagagamit mo ba nang wasto ang mga pangngalan?

Huwag mag-alala, ito na ang araling makatutulong sa iyo.

Sa modyul na ito, inaaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid;
2. Nakasusulat ng talata tungkol sa sarili.



Halika, simulan mo na!



# *Subukin*

Subuking gawin ito.

**A. Gamitin ang mga pangngalan sa loob ng kahon upang mabuo ang usapan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

| | | |
|---|---|---|
| Paeng | daigdig | Adamson University |
| bowling | parangal | ama idolo |

Panalo na naman sa (1) _______si Paeng.


Apat na beses na yata siyang kampeon sa bowling sa buong (2)__________.

Sa (3)_______pala siya nagtapos.

Oo, binigyan nga siya ng (4)_________.

Ang unang guro niya ay ang kaniyang (5)______.

Oo, (6)_________ niya ang kanyang ama.



**B. Basahin ang ulat ni Ana sa kaniyang klase. Sa tulong ng mga larawan, isulat ang wastong pangngalan na dapat gamitin sa bawat pangungusap.**





Maaga akong nagising dahil sa huni ng (1) ________. Masaya akong bumangon at nagdasal. Siguradong maaga siyang umalis upang pumunta sa (2) ___________.

Mamaya pagdating niya, sosorpresahin ko siya. Ako naman ngayon ang (3)_______. Tiyak na matutuwa siya. Wala na ang maruruming damit, may (4)_________ pa sa mesa. Kaarawan ngayon ng aking mahal na Ina.





**C. Sumulat ng isang talata tungkol sa sarili, gamitin ang mga pangngalang pantawag sa larawan sa itaas.**

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa pahina 12 ang wastong sagot sa mga tanong.
Saang antas ka nabibilang?

5 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
3-4 tamang Sagot – MAGALING
1-2 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO YAN



| Aralin | Paggamit ng Pangngalan sa Pagsasalita |
| --- | --- |



## *Balikan*

Araw-araw nagagamit mo ang mga salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pook at pangyayari.


Sige nga, tingnan natin. Basahin at sagutin mo.

**Masaya ako. Ibinili na ako ng sapatos ng aking ina.**

Alin ang ngalan ng tao?
Alin ang ngalan ng bagay?

**Nakita ko ang aso sa loob ng kulungan**.
Alin ang ngalan ng hayop?
Alin ang ngalan ng lugar?

**Kaarawan ni Dra. Cruz**, **ang aking kapatid.**
Alin ang ngalan ng tao?
Alin ang ngalan ng pangyayari?



Hayan, malinaw mo nang naalala na pangngalan ang tawag sa kanila.

Halika, gamitin naman natin ang pangngalan sa pagsasalita tungkol sa sarili at ibang tao sa paligid.

***Mga Tala para sa Guro***

Bago ipamigay ang modyul na ito mainam na magkaroon muna ng pagbabahagi ng karanasan mula sa mga mag-aaral.

Bigyang pansin ang mga pangngalan na nagbibigay turing sa kaniyang sarili, at ibang tao sa paligid.

# *Tuklasin*

Basahin ang palitan ng text sa kanilang cellphone ng magkaklaseng sina Razi at Casey.





Hello Razi, grabe ang epekto ng Covid-19 sa ating bansa! Nalulungkot akong hindi tayo nagkikita.

Oo nga Casey! Sabi ni Nanay kailangan nating sumunod sa community quarantine na pinatututupad ng gobyerno para makaiwas sa pandemyang ito.

Tama! Bawal lumabas ang mga bata at matatanda. Kaya, bilang anak susundin ko ang aking mga magulang.

Matatagalan din ang pagbubukas ng klase.

Gusto ko nang makita ng mga kaibigan kong sina Roxan, Katelyn at Jaypee pati na ang paborito kong guro na si Bb. Sharmaine!

Ganun talaga Casey, kailangan nating magsakripisyo at manatili sa bahay para makaiwas sa sakit. Higit ang sakripisyo ng mga frontliner natin, mahigpit ang kanilang pagbabantay na 'di kumalat ang COVID-19

Sino-sino naman ang mga frontliner natin?

Sila ang mga nurse, doktor, Brgy. Health workers, sundalo at mga pulis!

Kahanga-

hanga sila! Gusto ko ring maging frontliner. Tama! Magiging isa akong doktor. Tatawagin akong Dr. Casey Camille C. Namoro.

## *Suriin*

**Sa usapang-text nina Casey at Razi, ano-ano ang kanilang pinag-usapan tungkol-**

**sa kanilang sarili?**

*Nalulungkot si Casey na hindi sila nagkikitang magkakaibigan.*


*Bilang anak susundin ko ang aking mga magulang. Sabi ng Nanay ni Razi upang makaiwas sa Covid-19, kailangan sumunod sa community quarantine.*

*Gusto nang makita ni Casey ang kaniyang mga kaibigan na sina Roxan, Katelyn at Jaypee pati na ang paborito niyang guro na si Bb. Sharmaine!*

**sa ibang tao sa paligid?**

*Kahanga-hanga ang mga frontliner na nagbabantay sa atin.*

*Bawal lumabas ang mga bata at matatanda*
*Gustong maging doktor ni Casey. Tatawagin siya bilang Dr. Namoro.*



**Isulat sa tsart ang iba pang pangngalan na ginamit sa usapang Casey at Razi.**

**Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

| Tao | Bagay | Hayop | Pook | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |
| | | | | |

Mahusay! Binabati kita at mahusay mong natukoy ang mga pangngalang ginamit sa mga pangungusap.



Ngayon, nagamit mo na nang lubos ang mga pangngalan.

**Lagi mong tatandaan...**

**Pangngalan** ang tawag sa bahagi ng pananalita na tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar.


Sa pagsasalita, gumagamit tayo ng mga katawagan sa:

**ngalan ng tao**

papa, kuya, ate, lolo, tiya, mommy, daddy, nanay, tatay at iba pa.

**ngalan ng tao** na makikita sa pamayanan:

pulis, guro, arkitekto, doctor, enhinyero, *nurse, magsasaka, mangingisda, tindera, negosyante.*



ngalan ng **bagay**:

*bola, bisekleta, manika, sapatos at iba pa*

ngalan ng **lugar:**

*palengke, paaralan, bahay, simbahan*

ngalan ng **pangyayari:**

*kasal, pista, binyag, kaarawan, Bagong Taon, Araw ng mga Puso,*




## *Pagyamanin*

**Ipagpatuloy ang pagsasanay.**

A. Basahin ang usapan sa ibaba. Kumpletuhin ito sa pamamagitan ng paggamit nang wastong pangngalang nasa kahon. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| bigkasan | G. Santos | ina | mag–aaral | Marco | tropeyo |

Lino : Panalo si (1)___________ sa timpalak ng (2)___________.

Nestor : Oo, binigyan nga siya ng isang malaking (3)___________.

Lino : Tama si (4)___________. Mahusay nga siyang (5)___________.

B. Magtala ng tig-dalawang (2) pangngalan ng tao, bagay, hayop, lugar at pangyayari sa iyong paligid o pamayanan.

C. Gamitin ang mga naitalang pangngalan sa pangungusap na nagsasabi ng tungkol sa iyong paligid.

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Maaari mo nang iwasto ang iyong mga sagot sa **pahina 13.**

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐





## *Isaisip*

Punan ang patlang upang mabuo ang kaisipan na natutuhan mo sa aralin.


Sa pagsasalita, higit tayong mauunawaan ng ating kausap kung nagagamit natin nang wasto ang mga salitang tumutukoy sa **ngalan** ng _______**,** ________,________**,** _________, at ___________. Mahalaga na matutuhan ko ito sapagkat_______________________.



## *Isagawa*

**Mag-relax at mag-crossword puzzle ka muna upang mabuo ang mga pangngalang magagamit mo sa iyong pagsasalita tungkol sa sarili at sa iba pa. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

| PAHALANG | | PABABA | |
|---|---|---|---|
| **3** | Araw ng kapanganakan ng isang tao | **1** | Kilalang boksingero at kinatawan sa kongreso |
| **5** | Summer Capital ng Pilipinas | **2** | Gumagabay sa mga bata sa paaralan upang matuto |
| **6** | Pananggalang ng mga paa sa init o lamig | **4** | Pambansang bayani ng Pilipinas |
| **7** | Pambansang Wika ng Pilipinas | **5** | Uri ng anyong lupa na nagbubuga nang mainit at kumukulong putik |
| **8** | Sanggunian na ginagamit upang makakuha ng impormasyon | **9** | Hayop na sinasabing matalik na kaibigan ng tao |




**Matapos mong masagutan ang crossword puzzle; pumili ng 3 pangngalan na iyong nabuo at gamitin mo sa pangungusap tungkol sa iyong sarili at 2 pangngalan tungkol sa ibang tao o bagay o lugar. Gawin ito sa sagutang papel.**

Pagbati sa matagumpay na gawain! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung ito ay tama o mali sa **pahina 13.**

Dahil napapagtagumpayan mo na ang mga naunang gawain heto pa ang gawaing magpapatibay ng iyong kaalaman sa paggamit ng pangngalan. Alam kong kayang-kaya mo na ito!



## *Tayahin*

**A. Ano-ano ang pangngalang ginamit sa bawat pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel at sabihin kung ito ay ngalan ng tao, hayop bagay o lugar. Gamitin ang mga ito sa pangungusap.**

1. Bumagsak ang kabinet kaya nasira ang mga laruan
2. Kaarawan ni Nanay, pumunta kayo.
3. Mabait ang mga nars na nag-aalaga sa mga maysakit.
4. Dinala sa ospital ang mga bata upang mabakunahan.
5. Si Muning ang alaga kong pusa sa bahay.

| Pangngalan | Tao, Bagay, Hayop, Lugar, Pangyayari | Pangungusap |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

**B. Sumulat ng talata tungkol sa sarili, gamit ang mga pangngalan. Maaaring palitan ang mungkahing pamagat ng talata sa ibaba. Isulat ang talata sa papel.**

**AKO 'TO**

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________.

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_________________________________________.

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsubok. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 13.**

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?


☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

Para hindi mo makalimutan, magsanay pa sa paggamit ng mga pangngalan.

**Matapos mong isulat ang talata tungkol sa iyong sarili, bilang karagdagang gawain, sumulat ka naman ng talata gamit ang mga pangngalan sa pagpapakilala ng iyong pamilya. Isulat ang talata sa papel.**



Sa wakas ay narating mo ang dulo ng aralin. Ang saya-saya ko at napagtagumpayan mo ang mga pagsasanay at gawain.

***Ang husay mo kid!***



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin:**

A.
1. Bowling
2. Daigdig
3. Adamson University
4. Parangal
5. Ama
6. Idolo

B. 1. ibon
2. Nanay
3. keyk
4. simbahan

**Suriin A.**

| Tao | Bagay | Hayop | Pook |
|---|---|---|---|
| Aling Helen | paminta | manok | tindahan |
| Mang Caloy | mantika | aso | bahay |
| Kaibigan | suka | | |
| Jose | toyo | | |
| | tricycle | | |

**Suriin B.**

1. Nars, doctor, barangay, G. Eduardo Ramos, Punong Barangay, pasyente, barangay, Bb. Reyes, Kalihim

**Payamanin**

1. Marco
2. Bigkasan
3. Tropeyo
4. G. Santos
5. Mag – aaral

**Isaisip**

tao, bagay, hayop,pook at

pangyayari

**Isagawa**



**Tayahin:**

1. Laruan-bagay; kabinet-(kung saan nakalagay ang mga laruan)-lugar
2. Kaarawan ni Nanay-pangyayari; Nanay-tao
3. Nars-tao;
4. Ospital-lugar; bata-tao
5. Muning-hayop; pusa-hayop

*Guro ang magwawasto ng mga pangungusap at talata gamit ang pangngalan.

## ***Sanggunian:***


Calatrava, Sancho, et.al., 2015. *Yaman Ng Lahi Wika At Pagbasa Sa Filipino 4*. 1st ed. Pasig City: Sunshine Interlinks Publishing House, Inc., pp.2-16.

Dayag, Alma M. *Pinagyamang Pluma 4*. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc. 2017

Liwanag, L., 1999. *Landas Sa Wika*. 1st ed. Quezon City: Dane Publishing House Inc., pp.52-54,60-62,.

Lalunio, L., Mindo, D. and Ril, F., 2000. *Hiyas Sa Wika 6*. 1st ed. Quezon City: LG&M Corporation, pp.30-32,35.

Marasigan, E. and Tesalona, L., 2017. *Pinagyamang Pluma 6 (K-12) Wika At Pagbasa Para Sa Elementarya*. 1st ed. Quezon City: Phoenix Publishing House, pp.19-22,45-47,69-71.

Rafael-Gloria, T. and Cruz, G., 2004. *Alab ng Wikang Filipino 6*. 1st ed. Sta. Ana. Manila: Innovative Educational Materials, Inc., pp.100-102,108-110,119-123,133-135.

Rafael-Gloria, T. and Cruz, G., 2009. *Haraya 6 Pagbasa at Wika*. 1st ed. Sta. Ana, Manila: Innovative Educational Materials, Inc, pp.99-101,112-114,122-125,136-139.

Santos, D., Burce, M., Diaz, R., Monton, J. and Salgado, S., 2009. *Suhay 5 Wika At Pagbasa*. 1st ed. Sta Ana, Manila: Vicarish Publication & Trading,Inc., pp.84-86,94-96,102-103111-114,122-124.

Santos, D., Burce, M., Diaz, R., Monton, J. and Salgado, S., 2009. *Suhay 6 Wika At Pagbasa*. 1st ed. Sta. Ana, Manila: Vicarish Publication & Trading, Inc., pp.31-33,41-44,50-53.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph